**" Pag-unawa Patungkol sa Bautismo ng Banal na Espiritu "**

"Sa pakikipagtipon niya sa kanila, siya ay nag-utos sa kanila: Huwag kayong umalis sa Jerusalem, sa halip ay hintayin ninyo ang pangako ng Ama na inyong narinig mula sa akin. Ito ay sapagkat totoong si Juan ay nagbawtismo sa tubig ngunit kayo ay babawtismuhan sa Banal na Espiritu ilang araw pa mula ngayon. Subalit tatanggap kayo ng kapangyarihan kapag dumating na sa inyo ang Banal na Espiritu. Kayo ay magiging mga patotoo sa akin sa Jerusalem, sa buong Judea, sa Samaria at sa pinakamalayong bahagi ng lupa."

**Mga Gawa 1: 4-5,8**

**1. Nilinaw ni Jesus na ang pagkapanganak sa Espiritu Santo at pagkabautismo sa Espiritu Santo ay karaniwang dalawang magkahiwalay na kanarasan.**

Bawa't taong tunay na tumangap sa Panginoong Jesus ay nakaranas ng gawain ng Espiritu Santo sa kanyang buhay. Ang panloob na katauhan, o espiritu, ay napabago ng Espiritu Santo, at nananahan na ngayon sa kanya ang Espiritu Santo . "Naipanganak siya sa Espiritu". Nguni't dahil lamang sa ipinanganak ang isang tao sa Espiritu, ay hindi nangangahulugan na nabautismuhan din siya ng Espiritu Santo. Ayon sa Biblia, ang pagkapanganak sa Espiritu Santo at pagkabautismo sa Espiritu Santo are karaniwang dalawang magkahiwalay na kanarasan.

Sinabi sa Mga Taga-Efeso 1:13 "Sumampalataya rin kayo kay Cristo, pagkarinig ninyo ng salita ng katotohanan, ang ebanghelyo ng inyong kaligtasan. Sa kaniya rin naman, pagkatapos ninyong sumampalataya, ay tinatakan kayo ng Banal na Espiritu na ipinangako."

Ipinahayag ni Juan Bautista "Binabawtismuhan ko nga kayo ng tubig sa pagsisisi, ngunit siya na dumarating na kasunod ko ay higit na

dakila kaysa sa akin. Hindi ako karapat-dapat magdala ng kaniyang panyapak. Siya ang magbabawtismo sa inyo sa Banal na Espiritu at sa apoy." **Mateo 3:11**

Sa araw ng Pentecostes, sinabi ni Pedro sa kanila: "Magsisi kayo at magpabawtismo sa pangalan ni Jesucristo patungkol sa pagpapatawad ng inyong mga kasalanan. At tatanggapin ninyo ang kaloob na Banal na Espiritu. Ito ay sapagkat ang pangakong ito ay para sa inyo at sa inyong mga anak at sa lahat ng nasa malayo gaano man karami ang tawagin ng ating Panginoon Diyos."

**Mga Gawa 2:38-39**

**2. Nilinaw ni Jesus na ibibigay niya ang Espiritu Santo sapagkat ito ay isang kaloob na pangako ng Diyos Ama.**

Ang isang mananampalataya ay dapat magtiwala na kalooban ito ng Diyos na siya ay mabautismuhan sa Espiritu Santo. Kung nagtataka siya o nagdududa, hindi siya makakatanggap . Sa salita ni Santiago 1:17 "Ang bawat mabuting pagbibigay at bawat ganap na kaloob ay mula sa itaas at nagbubuhat sa Ama …."

**Mga Taga-Efeso 2:8 Kaloob ng Kaligtasan.**

**Mga Taga-Roma 5:17 Kaloob ng Katuwiran**

**Mga Taga-Roma 6:23 Kaloob ng Buhay na Walang Hanggan**

**Mga Taga-Corinto 12:7-11 Kaloob na Espirituwal**

**Mga Taga-Efeso 4:11 Ang Limang Klaseng Ministeryong Kaloob para sa Paglilingkod sa Iglesia**

**Mga Gawa 1:4 Kaloob ng Espiritu**

**3. Ang tumanggap sa Bautismo ng Espiritu Santo , ang unang ebidensya ay magsasalita siya sa isang "bagong wika" o "ibang wika (speaking in tongues)" ay makatanggap ng kapangyarihan mula sa itaas.**

**Mga Gawa 2:1-4** "Nang sumapit ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nasa iisang pook na nagkakaisa. Sila ay nakaupo sa loob ng isang bahay. Biglang may umugong mula sa langit tulad ng humahagibis na marahas na hangin at pinuno nito ang buong bahay. May nagpakita sa kanila na nagkakabaha-bahaging mga dila tulad ng apoy at ito ay lumapag sa bawat isa sa kanila. At silang lahat ay napuspos ng Banal na Espiritu at nagsimulang magsalita sa ibang mga wika ayon sa ibinigay ng Espiritu sa kanila na kanilang sasabihin."

**Mga Gawa 19:1-6** "Nangyari, na samantalang si Apollos ay nasa Corinto, tinahak ni Pablo ang daan sa hilaga at dumating sa Efeso. Nakasumpong siya roon ng ilang alagad. Sinabi niya sa kanila: Tinanggap ba ninyo ang Banal na Espiritu nang sumampalataya kayo? Sinabi nila sa kaniya: Hindi man lang namin narinig na may Banal na Espiritu. Sinabi niya: Kung gayon, anong bawtismo ang tinanggap ninyo? Sinabi nila: Ang bawtismo ni Juan.

Sinabi ni Pablo: Nagbawtismo nga si Juan ng bawtismo ng pagsisisi. Sinabi niya sa mga tao na sila ay dapat sumampalataya sa kaniya na darating sa hulihan niya, samakatuwid ay si Jesus na siyang Mesiyas. Nang ito ay marinig ng mga taga-Efeso, sila ay nabawtismuhan sa pangalan ng Panginoong Jesus. Nang ipinatong ni Pablo ang kaniyang mga kamay sa kanila, bumaba sa kanila ang Banal na Espiritu. Sila ay nagsalita ng mga wika at naghayag ng salita ng Diyos. "

**Mga Gawa 4:33** "Ang mga apostol ay nagpatotoo sa pagkabuhay-muli ng Panginoong Jesus na may dakilang kapangyarihan at ang dakilang biyaya ang sumakanilang lahat. "

**Mga Gawa 5:12-16** " Sa pamamagitan ng mga kamay ng mga apostol ay nangyari ang maraming tanda at mga kamangha-

manghang gawa sa gitna ng mga tao. Kaya nga, inilabas ng mga tao sa mga lansangan ang mga maysakit. Inilagay nila ang mga ito sa mga higaan at mga banig. Ginawa nila ito upang maliliman man lamang ng anino ni Pedro ang ilan sa kanila sa pagdaan niya. May dumating din na napakaraming tao na mula sa mga lungsod sa palibot ng Jerusalem. Dala nila ang mga maysakit at ang mga pinahihirapan ng mga karumal-dumal na espiritu. Silang lahat ay pinagaling. Jesus na may dakilang kapangyarihan at ang dakilang biyaya ang sumakanilang lahat. "

**4. Ang tanda ng pagsasalita ng mga wika ng Bautismo sa Espiritu Santo ay maraming layunin para sa buhay ng mga mananampalataya.**

a) Kapag ikaw manalangin sa iba-ibang wika, ikaw magdasal ng direkta sa Diyos mula sa iyong espiritu. Ito ay ang iyong tunay sariling mga personal na panalangin sa wika na kung saan maaari kang magdasal at makipagsalita sa Diyos."

**1 Mga Taga-Corinto 14:2** "Ito ay sapagkat siya na nagsasalita ng ibang wika ay nagsasalita hindi sa mga tao kundi sa Diyos, dahil walang nakakaunawa sa kaniya. Ngunit sa espiritu, siya ay nakakapagsalita ng mga hiwaga. "

b) Kapag manalangin ka sa ibang wika, ang Espiritu Santo ay magbigay tatag at lakas sa iyong espiritu.

**Mga Taga-Corinto 14:4** "Ang nagsasalita ng ibang wika ay nagpapatatag sa sarili niya. Ngunit ang naghahayag ay nagpapatatag sa iglesiya."

c) Kapag manalangin ka sa ibang wika, ang iyong espiritu ay sumasamba at nagpupuri sa Diyos Ama.

**Mga Gawa 10:46** "Nalaman nila ito dahil narinig nila ang mga ito na nagsasalita ng mga wika at nagpupuri sa Diyos.

**Juan 4:23-24**

**"**Darating ang oras at ngayon na nga, na ang mga tunay na mananamba ay sasamba sa Ama, sa espiritu at sa katotohanan sapagkat hinahanap ng Ama ang mga gayong sumasamba sa kaniya. Ang Diyos ay Espiritu. Sila na sumasamba sa kaniya ay dapat sumamba sa espiritu at sa katotohanan."

d) Kapag manalangin ka sa ibang wika, ikaw ay nagdadasal hindi sa inyong sariling isip, kundi sang ayon sa kalooban ng Diyos. Ang Espiritu Santo ang siyang katulong at magtuturo kung hindi natin alam o ano ang dapat natin ipanalangin.

**Mga Taga-Roma 8:26-**27 "Sa gayong paraan, ang Espiritu rin ay kasamang tumutulong sa ating mga kahinaan sapagkat hindi natin alam kung ano ang kinakailangan nating ipanalangin. Subalit ang Espiritu mismo ang siyang namamagitan para sa atin na may pagdaing na hindi kayang ipahayag ng salita. [27]Siya na sumusuri sa mga puso ang siyang nakakaalam ng kaisipan ng Espiritu sapagkat ang Espiritu ay namamagitan para sa mga banal ayon sa kalooban ng Diyos.

## 5. Ang Pagtanggap sa Banal Espiritu Santo

Ang mga sumusunod ay mga giya sa pagtanggap ng Bautismo ng Espiritu Santo

**a) Dapat ikaw ay maipanganak muli.**

**Juan 3:3** "Tumugon si Jesus at sinabi sa kaniya: Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo: Malibang ipanganak na muli ang isang tao, hindi niya maaaring makita ang paghahari ng Diyos.

**Mga Gawa 2:38** "Sinabi ni Pedro sa kanila: Magsisi kayo at magpabawtismo sa pangalan ni Jesucristo patungkol sa pagpapatawad ng inyong mga kasalanan. At tatanggapin ninyo ang kaloob na Banal na Espiritu. "

**b)Maniniwala kang ito ay para sa iyo. Tanggapin mo ito bilang kaloob.**

**Mga Gawa 2:39** "Ito ay sapagkat ang pangakong ito ay para sa inyo at sa inyong mga anak at sa lahat ng nasa malayo gaano man karami ang tawagin ng ating Panginoon Diyos. "

**Mga Gawa 2:17-18** "Mangyayari sa mga huling araw, sabi ng Diyos: Ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng mga tao. Ang inyong mga anak na lalaki at mga anak na babae ay maghahayag ng salita ng Diyos. Ang inyong mga kabataang lalaki ay makakakita ng mga pangitain. Ang inyong mga matandang lalaki ay mananaginip ng mga panaginip. Sa mga araw na iyon, ibubuhos ko ang aking Espiritu sa aking mga aliping lalaki at mga aliping babae. At sila ay maghahayag ng salita ng Diyos."

**c) Kailangan na magkaroon ka ng pagnanais sa Kaloob ng Espiritu Santo.**

Juan 7:37-39 " Sa huli at dakilang araw ng kapistahan tumayo si Jesus. Sa malakas na tinig siya ay nagsabi: Kung ang sinuman ay nauuhaw, hayaan siyang lumapit sa akin at uminom. Mangyayari sa sumasampalataya sa akin ang gaya ng sinabi ng kasulatan: Magkakaroon siya ng ilog ng tubig na buhay. Ito ay aagos mula sa loob niya. Sinabi niya ito patungkol sa Espiritu na tatanggapin na ng mga sumasampalataya sa kaniya sapagkat hindi pa naibibigay ang Banal na Espiritu dahil hindi pa naluluwalhati si Jesus. "

**d) Kailangan na hingin mo ang Espiritu Santo sa Panginoon.**

**Lucas 11:13** " Kayo na masasama ay marunong magbigay ng mga mabuting kaloob sa inyong mga anak. Kung ginagawa ninyo ito, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit na kaniyang ibibigay ang Banal na Espiritu sa kanila na humihingi sa kaniya?"

**e) Kailangan na sumuko ka sa Diyos**.

Isuko mo ang iyong bibig sa Diyos sa pagpuri at pagsamba. Sa iyong pagpupuri ng pasalita maranasan mo na ikaw ay nauutal. Buksan ang inyong bibig at mga bagong tunog at pantig na bumubuo ng wikang ibibigay ng Espiritu Santo. Hangga't hindi nag-uumpisang magsalita ang mananampalataya *nang may pananalig,* walang wika ang manggagaling sa kanyang bibig. *Siya* ang magsasalita, at ang Espiritu Santo ang magbibigay ng wika.Sa patuloy mong pagsuko ng iyong dila bibig at pagbigkas sa Espiritu Santo, magsasalita Siya sa pamagitan mo ng mga salitang hindi mo nauunawaan. Ito ang pisikal na ebidensiya ng bautismo ng Espiritu Santo.

Hindi gagawin ng Espiritu Santo ang pagsasalita para sa iyo—bibigyan ka lang Niya ng pagbigkas. Siya ay *katulong* natin, hindi *tagagawa*. *Ikaw* ang dapat gumawa na pagsasalita, tulad ng itinuturo ng Biblia. At silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu (Gawa 2:4).

Ang pananalangin sa ibang wika ay nakatutulong sa atin upang manatili sa Espiritu Santo, na nananahan sa atin, at tumutulong sa atin upang "manalangin nang walang hinto" na itinuro ni Pablo sa 1 Tesalonica 5:17.

## 6. Pagkakaiba ng Kaloob ng Pagsasalita para sa pangmadlang asemblea at ang iyong sariling panalangin sa ibang wika.

Mayroon ding gamit ang pagsasalita sa ibang wika na para sa pangmadlang asemblea ng iglesia, na laging sinasamahan ng kaloob na pagbibigay ng interpretasyon ng mga wika. Nangyayari iyan kapag dinadala ng Espiritu Santo ang isang taong kalooban Niya, at ibinibigay sa kanya ang kaloob na iyan. Nagsasalita sa madla ang taong iyan, pagkatapos ay may ibinibigay na interpretasyon.

May iba't ibang uri ng kaloob ngunit iisa ang Espiritu  Ito ay sapagkat sa pamamagitan ng Espiritu, sa isa ay ibinigay ang salita ng karunungan. Sa isa ay ibinigay ang salita ng kaalaman sa pamamagitan ng iisang Espiritu. Sa iba ay ibinigay ang pananampalataya at sa iba ay kaloob ng pagpapagaling sa pamamagitan ng iisang Espiritu. Sa isa naman ay ibinigay ang paggawa ng mga himala at sa isa ay ang pagpapahayag. Sa isa ay ibinigay ang pagkilala sa mga espiritu at sa iba naman ay iba't ibang uri ng wika. Sa iba naman ay ang pagpapaliwanag sa mga wika. Gayunman, ang isa at siya ring Espiritu ang gumagawa sa lahat ng mga bagay na ito. Ibinabahagi niya ito sa bawat isa ayon sa kaniyang kalooban.  **1 Mga Taga-Corinto 12:4,8-11**

Pakaisipin ang pangunahing dahilan ng pa ibigay sa iyo ng Diyos ng bautismo sa Espiritu Santo—upang bigyan ka ng kapangyarihang maging patotoo Niya, sa pamamagitan ng manipestasyon ng bunga at kaloob ng espiritu (1 Cor. 12:4-11; Gal. 5:22-23). Sa pamumuhay nang tulad ni Cristo at pagpapakita ng Kanyang pag-ibig, ligaya, at kapayapaan sa mundo, pati na ang pagpapakita ng wala-sa-mundong kaloob ng Espiritu, gagamitin ka ng Diyos upang hikayatin ang iba sa Kanya. Ang kakayahang magsalita ng ibang wika ay isa lamang sa mga “ilog ng buhay na tubig” na dapat dumaloy mula sa iyong puso.

Tandaan rin na ibinigay sa atin ng Diyos ang Espiritu Santo upang bigyan tayo ng kakayahang abutin ang lahat ng tao ng mundo sa pamamagitan ng magandang balita ( Gawa 1:8).

Ang pagsasalita sa ibang wika ay isang bagay na dapat nating gawin nang madalas. Si Pablo na isang espiritwal na tahanan ng kapangyarihan, ay nagsulat, "Pinasasalamatan ko ang Diyos, at nakapagsasalita ako ng iba't ibang wika higit sa inyong lahat" (1 Cor. 14:18). Ang pananalangin sa ibang wika ay nakatutulong sa atin upang manatili sa Espiritu Santo, na nananahan sa atin, at tumutulong sa atin upang "manalangin nang walang hinto" na itinuro ni Pablo sa 1 Tesalonica 5:17.

Itinuro rin ni Pablo na ang pagsasalita sa ibang wika ay nagpapapuri sa mananampalataya ( 1 Cor. 14:4). Ibig sabihin niyan na espiritwal na itinatayo tayo. Sa pananalangin sa ibang wika, maaari nating palakasin, bagama't hindi natin lubos na nauunawaan, ang ating panloob na katauhan. Ang pagsasalita sa ibang wika ay dapat magdulot ng araw-araw na pagpapayaman ng bawa't espiritwal na pamumuhay ng bawa't mananampalataya at hindi lamang isang bagsak na karanasan at ang simulang pagpuno ng Espiritu Santo.

Kapag nabautismuhan ka na sa Espiritu Santo, hinihikayat kita na maglaan ng panahon araw-araw sa pananalangin sa Diyos sa iyong bagong wika. Lubhang matutulungan nitong payamanin ang iyong espiritwal na buhay at paglago.